# Malinis na pamumuno, pangako ni Joy B sa mga taga-QC

Tiniyak ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte sa mga residente na magiging malinis sa korapsyon ang lungsod sa oras na maluklok siya bilang alkalde.

"I survived nine years of being a vice mayor without taking a single cent of the people's money. And I will prove the cynics wrong. Quezon City is ready to be cleaned up," ani Belmonte.

Ipinagmalaki rin ni Belmonte ang kanyang track record at sinabing mapapatunayan niya ang kanyang kapasidad bilang pinuno sa pamamagitan ng mga programa at ordinansa na kanyang naipasa sa tatlong termino niya bilang bise alkalde at presiding officer ng Quezon City Council.

"I did not do anything wrong. You can easily check my track record to see if I have done something, the question is, what have you done? It's easy to create platforms, it's easy to say that these are what you will do, but how can we guarantee that you are capable of fulfilling those? For me, I am proud to say that my track record is impeccable," dagdag ni Belmonte.

Noong Oktubre 2018, nakipagtulungan ang QC sa pangunguna ni Belmonte sa advocacy campaign ng Department of Interior and Local Government (DILG) na "Bantay Korapsyon" na layuning lansagin ang korapsyon sa mga tanggapan ng local govt. units (LGUs)

Naitalaga ng DILG ang Quezon City na maging LGU pilot ng nasabing adbokasiya at pinangako ni Belmonte sa ahensya na itataguyod niya ang information transparency, accountability at civil society engagement sa QC gayundin ang pagpapasa ng ordinansa sa freedom of information. *(Angie dela Cruz)*